



PAMPUBLIKONG KANLUNGAN PARA SA BAGYO

Mga Alituntunin ng Asal

Ang lahat ng gumagamit ng Kanlungan ay dapat:

1. Magbigay ng mga kinakailangang detalye sa pagpaparehistro sa tauhan ng Kanlungan;
2. Sundin ang mga iniuutos ng tauhan ng Kanlungan;
3. **Huwag gumamit ng anumang mapanganib o nakakasagabal sa kalusugan at kaginhawaan ng iyong sarili at ng iba** (kabilang dito ang pag-inom ng alak, mga gamot na walang reseta at pananabako o paninigarilyo). Ang hindi sumunod sa kinakailangan na ito ay maaaring paglilitis ang maging resulta;
4. Manatiling kalmado at tahimik. Igalang ang iba sa pamamagitan ng hindi paghiyaw, pagsigaw, o pagmumura;
5. Bantayan ang mga bata sa lahat ng oras. Ang mga bata ay mananatiling pananagutan ng mga magulang o tagapag-alaga at dapat samahan ng magulang o tagapag-alaga sa mga banyo;
6. Hindi sasadyaing magdulot ng pinsala sa gusali, muwebles, mga kasangkapan at mga nakakabit sa Kanlungan;
7. Magsuot ng sapin sa paa sa lahat ng oras;
8. Okupahan ang upuan na inilaan ng tauhan ng Kanlungan at ilagay ang mga personal na bagay sa ilalim ng iyong upuan. Ikaw ang may pananagutan sa iyong mga sariling pag-aari;
9. Panatilihin walang nakaharang sa mga daanan at labasan para sa emerhensiya;
10. Manatili sa loob ng pangunahing lugar ng Kanlungan at huwag pumasok sa mga bodega, kusina, paliguan o opisina maliban kung pinahihintulutan ng tauhan ng Kanlungan;
11. Gumamit ng mga earphone para makinig sa mga personal na debateryang elektronikong kagamitan;
12. Huwag gamitin ang mga elektronikong kagamitan sa mga saksakan ng kuryente ng Kanlungan, maliban kung inaprubahan ng tauhan ng Kanlungan;
13. Panatilihin ang kalinisan at itapon ang basura sa mga nakalaang lalagyan nito;
14. Ipaalam kaagad sa tauhan ng Kanlungan ang anumang mga medikal na emerhensiya, pinsalang ginawa sa Kanlungan o iba pang mga problema katulad ng pagnanakaw.



FILIPINO VERSION

Ginawa sa tulong ng



PAMPUBLIKONG KANLUNGAN PARA SA BAGYO

Mga Kondisyon sa Pagpasok

Ang lahat ng gustong gumamit ng Kanlungan ay dapat sumang-ayon sa mga kondisyon na nasa Mga Alituntunin ng Asal.

Maaari kang manatili dito ng hanggang 18 oras o mahigit pa. Sa oras na ito ang gusali ay “ila-lock down” para sa oras habang dumaraan ang bagyo. Para matiyak ang pagiging matibay at ligtas na paggamit ng gusali at ang kaligtasan ng mga nakatira dito sa oras na ito, walang makapasok o makakaalis sa Kanlungan.

Hindi ka bibigyan ng mga pagkain at inumin sa Kanlungan.

Kung hindi mo matutugunan o hindi ka sumasang-ayon na matugunan ang mga kondisyon na ito, kakailanganin mong maghanap ng ibang kanlungan, sa pamamagitan ng pag-alis sa lugar na may babala para sa bagyo o manatiling kasama ang pamilya o mga kaibigan na nasa labas ng sona para lumikas dahil sa bagyo at alon.

Ang mga nakatira sa Kanlungan na hindi sumusunod sa Mga Alituntunin ng Asal bago ang lock down ay kakailanganing umalis. Ang mga nakatira na hindi sumusunod sa Mga Alituntunin ng Asal pagkatapos ng lock down ay maaaring litisin.

MGA IPINAGBABAWAL NA BAGAY


Hindi ka maaaring magdala ng:

- » **Alak;**
- » **Mga armas kabilang ang mga kutsilyo o mga katulad na matatalim na bagay;**
- » **Mga gamot na walang reseta at mga may kaugnayang bagay; at**
- » **Mga Aerosol** (maliban sa mga personal na gamot tulad ng mga puffer para sa hika atbp.)

Ang mga taong naghahangad na pumasok sa Kanlungan ay dapat isuko ang anumang mga ipinagbabawal na bagay. Ikaw at ang iyong mga pag-aari ay maaaring rekisahin ng opisyal ng Pulisya ng Queensland kung ang mga opisyal ay mayroong makatwirang paniniwala na ang mga nasabing bagay ay dinala sa Kanlungan.

Kabilang ang mga sumusunod sa iba pang mga kondisyon sa pagpasok:

- » **Ang mga pantahanang alagang hayop at iba pang mga hayop ay hindi pinahihintulutan sa Kanlungan.**
Tandaan: Ang mga katulong na hayop ay pinahihintulutang pumasok at manatili kasama ang kanilang mga may-ari;
- » Ang lahat ng personal na pag-aari ay dapat itago sa loob ng backpack o maliit na bag. Anumang bagay na itinuturing na napakalaki at/o hindi kinakailangan ay hindi pahihintulutan sa Kanlungan;
- » **Ikaw dapat ay hindi umaasa sa iba at suportahan ang sarili at ang iyong pamilya para sa tagal ng panahon sa kanlungan** (kabilang dito ang pagdudulot ng iyong sariling mga inumin at pagkain, at tinitiyak na ikaw ay mayroong sapat na suplay para sa iyong mga personal na gamot, atbp.); at
- » Hindi ka maaaring manigarilyo, uminom ng alak, magluto ng pagkain o gumamit ng mga gamot na walang reseta.



FILIPINO VERSION

Ginawa sa tulong ng

